

Pinasimpleng Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy, FAP)

Tulong Pinansyal para sa Emergency o Iba Pang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga sa Sentara Hospital o iba pang Pasilidad ng Sentara na Hindi Ospital

Kung hindi ka makabayad ng iyong bill, mangyaring makipag-ugnay sa numero ng telepono o address sa ibaba para sa pasilidad kung saan ka tumanggap ng mga serbisyo para malaman kung karapat-dapat ka para sa tulong pinansyal. Sinusuri ang pangangailangan ng bawat pasyente para sa tulong pinansyal ayon sa antas ng kita ng kanyang sambahayan, na isinasalang-alang ang mga nauugnay na katotohanan at kalagayan, tulad ng iniulat na kita, mga asset, mga pagkakautang (liabilities), gastusin, at iba pang available na mapagkukunan. Available ang libreng pangangalaga sa mga pasyenteng walang insurance, personal na nagbabayad, at may insurance na ang kita ng sambahayan ay nasa 300% o mas mababa sa kasalukuyang pederal na antas ng kahirapan at may mas mababa sa \$50,000 na available na asset. Bukod pa rito, makakatanggap ng 80% diskwento ang mga pasyenteng walang insurance at personal na nagbabayad na ang kita ng sambahayan ay nasa pagitan ng 300% at 400% ng kasalukuyang pederal na antas ng kahirapan at may mas mababa sa \$50,000 na available na asset. Bilang karagdagan, makakatanggap ng 80% diskwento ang mga pasyenteng may insurance na ginamot sa Sentara Albemarle Medical Center na ang kita ng sambahayan ay nasa pagitan ng 300% at 400% ng pederal na antas ng kahirapan at may mas mababa sa \$50,000 na available na asset.

Tingnan ang <http://aspe.hhs.gov/poverty/index.cfm> para sa kasalukuyang mga patnubay sa pederal na antas ng kahirapan na inilathala ng Kagawaran ng Estados Unidos para sa mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao (U.S. Department of Health and Human Services).

Ang kumpletong patakaran sa tulong pinansyal (financial assistance policy, FAP), kasama ang aplikasyon para sa tulong pinansyal, ay makikita sa www.sentara.com/financialassistance. Ang mga papel na kopya ay makukuha rin sa anumang lugar ng pagpaparehistro ng pasyente sa loob ng isang pasilidad ng ospital ng Sentara at ipapadala sa koreo nang libre sa pasyente kapag hiniling.

MGA PASILIDAD <i>Ang sumusunod na mga pasilidad ng ospital ay nasasaklaw sa ilalim ng Simpleng Wika na Pagbubuod ng FAP na ito</i>	IMPORMASYON NG PAKIKIPAG-UGNAY PARA HUMILING NG IMPORMASYON SA TULONG PINANSYAL.
Sentara Albemarle Medical Center Sentara CarePlex Hospital Sentara Halifax Regional Hospital Sentara Leigh Hospital Sentara Martha Jefferson Hospital (kabilang ang Sentara Martha Jefferson Outpatient Surgery Center) Sentara Norfolk General Hospital Sentara Northern Virginia Medical Center Sentara Obici Hospital (kabilang ang Sentara BelleHarbour Surgery Center) Sentara Princess Anne Hospital Sentara RMH Medical Center Sentara Virginia Beach General Hospital Sentara Williamsburg Regional Medical Center	Mga kahilingan sa pamamagitan ng telepono: 757-233-4600 Mga kahilingan sa pamamagitan ng koreo: Sentara Health Attn: Tagapangasiwa ng Pinansyal P.O. Box 117839 Atlanta, GA 30368-7839 Mga kahilingan sa pamamagitan ng fax: 757-510-9411 Mga kahilingan sa pamamagitan ng email: FAP@sentara.com

Maaaring mag-apply ang mga indibidwal para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP ng pasilidad sa pamamagitan ng pagpapadala ng kinumpletong aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, kasama ang katibayan ng kita ng sambahayan, sa address sa itaas o sa pamamagitan ng pagdadala ng aplikasyon at katibayan ng kita ng sambahayan sa alinmang lugar ng pagpaparehistro ng pasyente sa isang pasilidad ng ospital ng Sentara. Maaari ding tumawag ang mga pasyente o bumisita sa lokasyon sa itaas para makatanggap ng tulong sa proseso ng aplikasyon.

Sa kaso ng emergency o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal na sinasaklaw ng FAP, ang mga pasyenteng kwalipikado sa FAP ng pasilidad ng ospital ay hindi maaaring singilin ng higit pa sa mga halagang sinisingil sa pangkalahatan sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa naturang pangangalaga.

Available ang tulong pinansyal sa iba pang lokasyong hindi ospital alinsunod sa polisiya ng Sentara.